



Weekend ng Pagkabuhay 2021 sa Brampton sa panahon ng pandemya ng COVID-19

BRAMPTON, ON (Marso 25, 2021) – Sa taon na ito, ang Biyernes Santo ay magaganap sa Biyernes, Abril 2 at ang Lunes ng Pagkabuhay ay magaganap sa Lunes, Abril 5.

Ang lahat ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo, kabilang ang mga Serbisyo sa Sunog at Emergency, mga Serbisyo sa Trapiko, By-Law Enforcement, Road Operations, at Security Services ay patuloy na mag-operate tulad ng dati para suportahan ang komunidad.

Ang mga residente ay pwedeng tumawag sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (makukuha sa App Store o Google Play), bisitahin ang www.311brampton.ca o mag-email sa 311@brampton.ca para sa anumang mga tanong, Available kami 24/7 para sa anumang mga usapin sa Lungsod ng Brampton o Rehiyon ng Peel, kabilang ang mga tanong na nauugnay sa COVID-19. Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa karagdagang impormasyon.

Brampton Transit

Tatakbo ang Brampton Transit sa loob ng sumusunod na mga antas ng serbisyo mula Abril 2 hanggang 5.

Biyernes, Abril 2 (Biyernes Santo)

Tatakbo sa iskedyul sa Linggo/ Holiday.

Sarado ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal. Available para makatulong ang Contact Centre mula 9 am hanggang 6 pm.

Sabado, Abril 3

Tatakbo sa iskedyul sa Sabado.

Magiging bukas ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal sa panahon ng regular na mga oras. Available para makatulong ang Contact Centre mula 7 am hanggang 7 pm.

Linggo, Abril 4 (Linggo ng Pagkabuhay)

Tatakbo sa iskedyul sa Linggo/ Holiday.

Sarado ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal. Available para makatulong ang Contact Centre mula 9 am hanggang 6 pm.

Lunes, Abril 5 (Lunes ng Pagkabuhay)

Tatakbo sa iskedyul sa regular na weekday.

Magiging bukas ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal sa panahon ng regular na mga oras. Available para makatulong ang Contact Centre mula 7 am hanggang 9 pm.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Contact Centre sa 905.874.2999 o bisitahin ang www.bramptontransit.com.



BRAMPTON

Service and Information Update

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na surface, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay sina-sanitize kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na patuloy na panatilihin ang paglayo mula sa iba sa mga terminal, at mga bus stop, kahit na nakasuot ng mask, hangga't maaari. Pinapaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant kapag nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, at madalas na hugasan ang kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko. Kung may sakit, paki-iwasan ang pagsakay sa pampublikong sasakyan, magpasuri sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.

May gabay mula sa Peel Public Health, ang mga rider ay pinaalalahanan na mandatory ang pagsusuot ng mga mahigpit na umaakmang hindi medikal na mask na tumatakip sa inyong ilong, bibig at panga sa mga bus at terminal. Ang Lungsod ng Brampton ay nakikipagtulungan nang mabuti sa mga partner nito sa Peel Public Health at sa Brampton Emergency Management Office para patuloy na subaybayan ang mga panganiib

Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang [@bramptontransit](https://twitter.com/bramptontransit) sa Twitter pata sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

Brampton Recreation

Bunny EGGScitement

Makisaya sa safe edition ng Bunny EGGScitement ngayong Easter! Pumili ng isang craft kit at sundin ang online tutorial para makalikha ng makulay na paso ng panamin, sumali sa paghahanap ng birtwal na itlog, at i-download ang mga Gawain ng pagkukulay mula Marso 29.

Ang contactless, curbside craft kit pick-up ay available sa Marso 31 at Abril 1 mula 3:30 hanggang 7 pm sa Cassie Campbell Community Centre, Chinguacousy Park Ski Chalet, Gore Meadows Community Centre, at South Fletcher's Sportsplex. Pakisundin ang lahat ng karatula sa site at ang pangkaligtasang mga tagubilin sa pag-pick-up. Available ang mga craft kits depende sa kung sino ang mauuna at limitado sa isa bawat pamilya, habang may stock pa.

Bisitahin ang www.brampton.ca/recreation para sa karagdagang impormasyon sa masayang mga aktibidad sa Bunny EGGScitement.

Paaglilibang sa Bahay

Manatiling aktibo at abala sa bahay gamit ang online fitness at craft tutorials! Subukan ang isang kumpletong body circuit, alamin kung paano gumawa ng origami hearts, mag-praktis sa inyong calligraphy skills, at mas marami pa. Mag-access sa sari-saring mga aktibidad sa Rec At Home sa www.brampton.ca/recathome.

Pansamantalang sarado ang mga Sentrong Panlibangan ng Lungsod ng Brampton at suspendido ang mga programang panlibangan na personal na pinangunahan ng instructor at ang mga serbisyo bilang



tugon sa panlalawigang pamamaraan ng pag-lockdown dahil sa COVID-19. Para sa impormasyon sa birtwal at outdoor na panlibangang mga programa at serbisyo, bisitahin ang www.brampton.ca/recreation.

Brampton Library

Ang mga serbisyo sa Loob ng branch at Curbside Pickup sa lahat ng sangay ng mga library ay hindi available sa Biyernes, Abril 2 (Biyernes Santo).

Bisitahin ang [website ng Brampton Library](#) anumang oras para tuklasin an gating Digital Library. Dito, magkakaroon ka ng access sa digital eBooks, eAudiobooks, TV at Movie streaming, online learning, arts at crafts, at mas marami pa, lahat libre gamit ang iyong library card. [Para makakuha ng isang Brampton Library card, paki-click dito](#). Mag-enjoy sa flexible na pagbabalik sa iyong hiniram na mga basahin sa pamamagitan ng 24-oras na external drop boxes sa lahat ng sangay.

Manatiling konektado tayo! [Mag-subscribe sa aming email updates](#) at sundan kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), at [Instagram](#).

Mga Serbisyo sa Hayop sa Brampton

Ang Brampton Animal Shelter ay sarado sa Biyernes Santo Abril 2, Linggo ng Pagkabuhay Abril 4, at Lunes ng Pagkabuhay Abril 5. Bukas ang shelter mula 10 am hanggang 4 pm, batay sa appointment lamang, sa Sabado, Abril 3.

Ang Animal Control ay nasa daan Lunes hanggang Biyernes mula 7 am hanggang 10 pm, at sa Sabado, Linggo at mga holiday mula 8 am hanggang 6:30 pm, at tutugon sa mga sumusunod na tawag lamang:

- Pagkuha sa may sakit/nasaktan/agresibong pambahay na hayop at mga hayop-gubat
- Agresibong hayop
- Tumakbong aso na hindi pa natagpuan
- Imbestigasyon sa kagat ng aso
- Pagkuha sa naka-confine na asong-gala
- Pagkuha sa patay na hayop

Sa labas ng mga oras na ito, ang Animal Control ay tutugon sa mga emergency lamang.

Mga Paalala ng Peel Public Health para sa Weekend ng Pagkabuhay

Alagaan ang isa't isa sa holiday sa Pagkabuhay sa pamamagitan ng pakikipagtipon-tipon lamang sa mga taong kasama mong naninirahan sa iisang bahay. Kahit na nagpapatuloy ang pagbabakuna, kailangang hindi natin tanggalin ang pag-iingat at patuloy na sumunod sa payo ng public health. Ang mga kilos na ito ay nananatiling pinakamagandang depensa natin laban sa virus. Para sa kapamilya at mga kaibigan na hindi kasamang nakatira sa iisang bahay, kumuha ng mga litrato at isaayos ang mga birtwal na tawag para manatiling konektado at mapanatili ang paglayo mula sa iba. Humiling sa inyong simbahan ng mga opsyon ng birtwal na pagtitipon para mabawasan ang panganib ng pagkalat. Kung

kailangan ninyong magtipon-tipon nang personal, pakisundin ang mga limitasyon sa pagtitipon para sa mga panrelihiyong serbisyo.

-30-

**KONTAK NG MEDIA NG LUNGSOD NG
BRAMPTON**

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

KONTAK NG MEDIA NG REHIYON NG PEEL

Ashleigh Hawkins
Communications Specialist – Public Health
Rehiyon ng Peel
416.818.4421 | ashleigh.hawkins@peelregion.ca